# Handout 1: Ang mga Panalangin ng Propeta



Sa panahon ng kanyang pamamalagi sa Greenville, si Propetang Joseph Smith ay halos araw-araw na bumisita sa isang kakahuyang nasa labas ng bayan upang manalangin at magnilay-nilay. Inilarawan ni Joseph sa kanyang asawang si Emma sa isang liham ang ilan sa mga naisip at nadama niya habang siya ay nagmumuni-muni at nananalangin:



"Pinag-isipan ko ang lahat ng nagdaan sa buhay ko at nadama ko ang pagdadalamhati at umagos ang maraming luha ng kalungkutan dahil sa aking kahangalan na lubos akong nagpadaig sa kapangyarihan ng kaaway ng aking kaluluwa tulad ng ginawa niya sa nagdaang mga panahon. Subalit ang Diyos ay maawain at pinatawad ang aking mga kasalanan. . . .

". . . Handa akong gawin ang kanyang kalooban. Hangad kong makapiling si Cristo. Walang halaga sa akin ang buhay ko [maliban] sa paggawa ng kanyang kagustuhan" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 282–83).

- Anong mga alituntunin ang matututuhan natin sa halimbawa ni Joseph Smith?
- Sa anong mga paraan ipinakikita ng sulat na ito na handang gawin ni Joseph Smith ang anumang iutos ng Diyos sa kanya?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW